Republic of the Philippines
**Department of Education**

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 333 , s. 2008

JUL 16 2008

PAMBANSANG SEMINAR WORKSYAP SA FILIPINO

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino, Western Mindanao State University, Lungsod ng Zamboanga at ang Jose Rizal Memorial College, Siocon, Zamboanga del Norte ay magdaraos ng **Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino** sa Dapitan Convention Center, Lungsod ng Dapitan sa Oktubre 23-25, 2008.

2. Ang paksa ng seminar-worksyap ay "Pananaliksik, Pagtuturo ng mga Akdang Pampanitikan at Pagsasalin".

3. Ang mga layunin ng seminar-worksyap ay ang mga sumusunod:

a. mapalawak ang kaalaman ng mga guro sa pananaliksik;
b. matugunan ang suliranin sa kakulangan ng sapat na kaalaman ng mga guro sa pagsasalin ng mga akdang pampanitikan;
c. maiangat at mahasa ang kaalaman at kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan; at
d. magkaroon ng pagkakataong makita at pahalagahan ang pook ng naging bahagi sa buhay ng ating Pambansang Bayani.

3. Ang butaw ay Dalawang Libo at Limang Daang Piso (PhP2,500.00) para sa dalawang tanghalian, apat na snacks, dalawang kopya ng aklat ng tagapanayam at mga hand-awts.

4. Para sa walang matutuluyan sa panahon ng seminar maaaring makipag-ugnayan sa Villa Pilar Pensione, Lungsod ng Dapitan sa tel. blg. (065) 213-6579 o kaya sa Monina's Pension sa cellphone blg. 0919-6144295.

5. Para sa karagdagang kaalaman, maaaring makipag-ugnayan kina Prof. Elinor T. Cudia sa cellphone blg. 09103926557 o kaya kay Dr. Ideltruda D. Ybarsabal sa cellphone blg. 09209548412.

6. Hinihiling ang agaran at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**VILMA L. LABRADOR**
Pangalawang Kalihim

Sanggunian:
W a l a

Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng ng mga sumusunod na paksa:

Learning Area, FILPINO
SEMINARS
WORKSHOPS

Madel:c:Pambansang Seminar worksyap sa Filipino Dapitan
7-9-08